# PANGYAYARI AT EPEKTO NITO

Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang makatukoy kung alin ang sanhi o bunga sa seleksyong binasa, makapagbigay ng angkop na bunga sa inilahad na sanhi/makapagbigay ng angkop na sanhi sa inilahad na bunga at maisulat ang mga ito.



## Pagbalik-aralan Mo

- **Basahin ang bawat talata.**
  **Piliin ang titik ng diwang isinasaad nito. Isulat ang sagot sa sagutang kuwaderno.**

**Halimbawa:**

Si Kadyo ay nakahiga sa kama. Binabantayan siya ng nanay. Marahang hinaplos ng nanay ang noo ni Kadyo. Pinainom siya ng nanay ng gamot.

1. Si Kadyong nagpapahinga.
2. Si Kadyong may sakit.
3. Si Kadyong paborito ni Nanay

**Sagot: Si Kadyong may sakit.**

**Magsimula Rito:**

1. Si Rita ay palaging pinaaawit ng guro sa klase. Sa palatuntunan sa Linggo, si Rita ay aawit. Naiibigan ng mga tagapakinig ang kanyang boses.

   a) Ang magandang si Rita
   b) Ang mahusay umawit na si Rita
   c) Ang palatuntunan ng pag-awit

2. Ang mga bata ay pinaghiwa-hiwalay ng upuan ng guro. May mga lapis at papel sa ibabaw ng sulatan ng kanilang upuan. Pinagbalik-aral sila sa kanilang mga natutuhan nang nakaraang mga araw.

   a) Mga batang susulat ng kuwento
   b) Mga batang magbabasa
   c) Mga batang kukuha ng pagsusulit

3. Malakas ang hangin at ulan, kumukulog at kumikidlat pa. Ang mga magsasaka ay naglalagay ng suhay sa kanilang bahay. Ang mga hayop ay inilagay nila sa silong ng bahay.

   a) Ang pagsapit ng gabi
   b) Ang masungit na panahon
   c) Ang biyaya ng tag-ulan

4. Ang mga babae ay patungo sa ilog. Sila ay may mga sunong na batya. Maraming damit sa batya. May sabon at palu-palo sa batya.

   a) Ang mga naliligo sa ilog
   b) Ang mga maglalaba sa ilog
   c) Ang mga mangingisda sa ilog

5. Iyak nang iyak si Nina. Hawak-hawak niya ang kanyang pisngi. Magang-maga ito. Pinainom siya ng gamot ng Nanay niya.

   a) Ang paghihirap ni Nina
   b) Ang pagkakapalo kay Nina
   c) Ang pagsakit ng ngipin ni Nina

## Pag-aralan Mo

- **Basahin ang kalagayang ito:**

> Ikaanim at kalahati pa lamang ng umaga ay umalis na si Dely. Tutungo siya sa Makati upang dumalo sa pasinaya ng Heroes Subdivision, isang pabahay ito ng pamahalaan para sa mga manggagawang maliliit ang sahod. Gaganapin ito sa ikawalo ng umaga.

Ngunit anong paghihinagpis niya! Ikasampu na ng umaga ay nasa daan pa siya. Hindi gumagalaw ang mga sasakyan. Hindi na siya nakatiis.




Nagkakainan na nang dumating si Dely sa Heroes Subdivision.

1. Anong oras umalis ng bahay si Dely?
2. Bakit siya umalis nang maaga?
3. Saan siya tutungo?
4. Bakit siya pupunta doon?
5. Anong dahilan ng kanyang pagkabalam?
6. Bakit mabagal ang takbo ng mga sasakyan?
7. Ano ang nangyari kay Dely?

Tulad ba nito ang sagot sa mga tanong?

1. Ikaanim at kalahati ng umaga.
2. Upang makarating nang maaga sa Heroes Subdivision.
3. Sa Makati.
4. Dadalo siya sa pasinaya sa Heroes Subdivision.
5. Mabagal ang daloy ng mga sasakyan.
6. Mayroong banggaan sa kanto.
7. Nahuli si Dely sa palatuntunan.

Nasagot mo bang lahat?

Magaling!  Maaari ka nang magpatuloy ng pag-aaral.

Pag-usapan natin ito.

Suriin ang sumusunod:

1. Nagkaroon ng banggaan sa kanto kaya bumagal ang daloy ng sasakyan.

2. Bumagal ang daloy ng trapiko kaya nahuli si Dely sa pasinaya ng Heroes Subdivision.

Ano ang nangyari sa unang pangungusap?

**Pangyayari:** Nagkaroon ng banggaan sa kanto.

Ano ang idinulot ng pangyayari?

**Idinudulot ng Pangyayari:** Bumagal ang daloy ng sasakyan.

Ano ang nangyari sa Pangungusap 2?

**Pangyayari:** Bumagal ang daloy ng trapiko.

Ano ang idinulot ng pangyayari?

**Idinudulot ng Pangyayari:** Nahuli si Dely sa pasinaya ng Heroes Subdivision

Basahin naman ito:

Dahil sa banggaan sa kanto, bumagal ang daloy ng sasakyan.

Dahil sa banggaan sa kanto.

Ang bahaging ito ay nagsasaad ng dahilan ng pagsisikip ng sasakyan. Ito ang sinasabing sanhi o dahilan ng isang pangyayari.

Bumagal ang daloy ng sasakyan

Ang bahaging ito naman ay nagsasaad ng **resulta o epekto** ng pangyayaring pinag-uusapan.  Ito ang sinasabing **epekto o bunga ng pangyayari**.

Suriin ito:

| Sanhi o Dahilan | Bunga o Epekto |
|---|---|
| 1. dahil sa banggaan sa kanto | 1. nagsisikip ang daloy ng sasakyan |
| 2. dahil sa pagbagal ng daloy ng mga sasakyan | 2. nahuli si Dely sa pasinaya |

Ano ang napansin mo sa epekto Bilang 1 at sanhi Bilang 2?

Ang epekto na: **Bumagal ang daloy ng mga sasakyan** ay maaari ring maging **dahilan o sanhi** ng isa pang pangyayari.

Pag-aralan ang tsart.

| Sanhi o Dahilan | Bunga o Epekto | Bunga o Epekto ng Naging Sanhi o Dahilan ng iba pang Pangyayari | Nagdulot ng Ibang Bunga o Epekto |
|---|---|---|---|
| Banggaan sa Kanto | Bumagal ang daloy ng sasakyan | Bumagal ang daloy ng sasakyan | Nahuli si Dely sa pasinaya |

Kung susuriin ang mga halimbawa, mapupuna na ang isang bunga ay maaaring maging sanhi o dahilan ng iba pang pangyayari at maaaring magkaroon ng ibang bunga o epekto.

Narito pa ang ilang halimbawa:

| Sanhi o Dahilan | Bunga o Epekto |
|---|---|
| Umulan nang malakas kagabi | Nagbaha ang paligid |
| Baha ang paligid | Hindi makabiyahe ang mga sasakyan |
| Hindi makabiyahe ang mga sasakyan | Walang masakyan ang mga tao |

Magsanay pa sa pagbibigay ng mga epekto o bunga.

Pangyayari o Sanhi:

1. Pumutok ang Bulkang Pinatubo.

↓

Epekto

1. Umagos ang lahar sa mababang lugar.
2. Nalubog ang mga bahay.
3. Nasira ang mga bahay.
4. Nasira ang mga pananim.
5. Naanod ang mga hayop.

Ang mga epektong ito ay maaari ring maging dahilan o sanhi ng isang pangyayari na maaaring magdulot ng iba pang bunga o epekto, ayon sa sitwasyon.

Halimbawa: Epekto na naging sanhi o dahilan na nagdulot ng epekto o bunga.

Nalubog at nasira ang mga bahay.

↓

Epekto

1. Nawalan ng tirahan ang mga tao.
2. Inilikas ang mga tao sa ligtas na lugar.
3. Nagkahiwa-hiwalay ang mag-anak.

## Isaisip Mo

Ang **<u>Dahilan o Sanhi</u>** ay nagbibigay ng unang pangyayari. Sumasagot ito sa tanong na:

Bakit nangyari?

Ginagamit ang **<u>dahil o sapagkat</u>** kung ang dahilan ay nasa hulihan ng pangungusap.

Ang **<u>Bunga o Epekto</u>** ay nagbibigay ng kasunod na pangyayari. Sumasagot ito sa tanong na:

Ano ang bunga o epekto?

Ginagamit ang **<u>kaya</u>** kung ang Bunga o Epekto ay nasa hulihan ng pangungusap.


Kung minsan ang **<u>Bunga</u>** ay nagiging dahilan din upang magbigay ng kasunod pang **<u>Bunga o Epekto</u>**.

***Natapos mo na ang bahaging nagbigay sa iyo ng mga pagpapaliwanag. Ngayon maaari mo nang gamitin ang mga natutunan mo sa susunod na bahagi.***



## Pagsanayan Mo

### I. Basahin ang ulat.




Napansin ba ninyong laging nagsisikip ang mga lansangan sa dami ng tao? Gayundin ang mga sasakyang pampasahero, mga sentro ng pamilihan, paaralan at simbahan?

Umabot na sa 5.8 bilyon ang kabuuang populasyon ng daigdig noong taong 1996, sa taong 2000, umabot na ito sa 6.1 bilyon at tinatayang aabot sa 6.8 bilyon sa taong 2025.

Ang Estados Unidos, na ang kasalukuyang populasyon ay 267 milyon, ang siya pa ring may pinakamabilis na pagdami ng tao. Halos taun-taon nadaragdagan ng 2.4 milyon ang mga naninirahan sa naturang bansa. Bunga ito ng libu-libong nandarayuhan doon. Labis-labis ang bilis ng paglaki ng populasyon ng India na umaabot sa 969 milyon at ng Tsina na mayroon nang 1.23 bilyong mamamayan. Samantalang ang populasyon ng Pilipinas noong 1980 ay 60 milyon lamang at sa taong 2000 ay may 68 milyon na.

Maraming problema ang idudulot ng patuloy na paglaki ng populasyong pandaigdig. Isa na rito ay ang kakapusan sa pagkain. Kung hindi mapipigil ang pagdami ng tao at mapaunlad ang produksiyon ng pagkain, hindi sasapat ang pagkain para sa bilyun-bilyong mamamayan ng daigdig na magugutom sa taong 2025.

Nakapagpapahina sa produksyon ng pagkain ang dahan-dahang pagkaubos ng mga lupang taniman. Dahilan ito ng labis at mahabang tagtuyot na ang resulta ay kakapusan ng tubig. Isa pang dahilan ng pagkawala ng lupang taniman ay ang pagbabago ng klima sa iba't ibang dako ng mundo. Subalit ang karaniwang dahilan na likha ng tao ay ang gawing tirahan ang dating taniman o bukirin. Malinaw na nagpapaligsahan ang paglaki ng populasyon at ang produksyon ng pagkain. Sino kaya sa kanila ang magwawagi sa susunod na sanlibong taon?

**A. Sagutin mo ang mga tanong at isulat sa iyong sagutang kuwaderno.**

1. Aling bansa ang may pinakamabilis na pagdami ng tao?

2. Ano ang problemang idinudulot ng patuloy na paglaki ng populasyong pandaigdig?

3. Sa iyong palagay, ano ang pinakamabisang paraan upang madagdagan ang produksiyon ng pagkain?

**B. Isulat sa inyong sagutang kuwaderno ang dahilan ng mga sumusunod na bunga.**

1. naging mahina ang produksiyon ng pagkain ngayon kung ihahambing sa produksyon noong nakaraaan panahon.

2. nadaragdagan ng halos 2.4 milyon ang mga naninirahan sa Estados Unidos sa kasalukuyan.

3. patuloy na sumisikip ang mga lansangan, mga sasakyang pampasahero, mga sentro ng pamilihan at iba pa.

**II. A. Basahin ang bawat pangungusap. Sa iyong sagutang kuwaderno, itala ang <u>sanhi o dahilan</u> at sa tapat nito isulat ang <u>bunga o epekto</u> ng pangyayari.**

1. Sumabog ang Bulkang Mayon kaya lumikas ang mga tao.

2. Malimit magkasakit si Nitoy sapagkat hindi siya kumakain ng gulay.

3. Nakipag-away si Mario sa kanyang kaklase kaya siya pinalo ng tatay.

4. Araw-araw ay nagbubunot ng sahig si Ruben kaya napakakintab ng sahig.

5. Nabuwal ang bahay dahil napakalakas ng bagyo.

6. Tanghali na siyang nagising kaya nahuli si Lita sa klase.

**III. A. Gayahin ang dayagram sa isang papel. Isulat ang pangyayari o sanhi. Sa tapat ng bawat <u>sanhi o dahilan</u>, ibigay ang maaaring <u>epekto o bunga</u>.**

Halimbawa:

| Pangyayari o Sanhi | Epekto o Bunga |
|---|---|
| Isang malakas na bagyo ang dumating sa Pilipinas. | Nasira ang mga pananim. |
| Iba pang Pangyayari o Sanhi | Iba pang Epeko o Bunga |
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

**B. Pumili ng isang epekto o bunga ng malakas na bagyo na maaaring maging dahilan o sanhi ng ibang pangyayari at magdulot ng iba pang epekto o bunga.**

Halimbawa:

| Epekto (na naging sanhi) | Epekto |
|---|---|
| Nasira ang mga halaman | 1. Tumaas ang halaga ng mga bilihin<br>2. |

Tulad ba nito ang iyong sagot?

Iba pang epekto o bunga.

1. Bumaha sa mababang lugar.
2. Maraming poste ng kuryente ang nabuwal.
3. Naalis ang bubong ng maraming bahay.
4. Nabuwal ang malalaking puno.
5. Walang pasok sa paaralan at mga tanggapan.

| **Epekto na naging sanhi at nagdulot ng iba pang epekto** | **Epekto o Bunga** |
|---|---|
| 1. Nasira ang mga pananim. | 1. Walang gulay na mabili.<br>2. Tumaas ang presyo ng mga bilihin. |

***Nagawa mo ba lahat ang hinihingi sa iyo ng bahaging Pagsanayan Mo? Kung gayon, ika'y maaari nang magpatuloy sa huling bahagi ng modyul na ito.***



## Subukin Mo

**I. Basahin ang bawat kalagayan. Piliin ang titik ng maaaring mangyari o magiging bunga nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

1. Nakasakay ka sa dyipni na napakalakas ang tugtog ng stereo. Anong maaaring ibunga nito?

______ a. Hindi magkakarinigan ang mga tao.
______ b. Magsasalita nang malakas ang mga tao.
______ c. Magagalit ang mga pasahero.
______ d. Mapapasayaw ang mga pasahero.
______ e. Hindi maririnig ng drayber ang pagpara ng pasahero.

2. Tumakbo nang mabilis ang isang bus at bumuga ang pagkaitim-itim na usok. Ano ang maaaring bunga nito sa kalusugan ng tao?

_____ a. Maluluha ang mga tao.
_____ b. Makalalanghap ng maruming hangin ang mga tao.
_____ c. Maaaring magkakaroon ng sakit sa balat ang mga tao.
_____ d. Magkakasakit sa baga ang mga tao.
_____ e. Magsusuka ang mga tao.

3. Nakatira ka sa may tambakan ng basura. Araw at gabi wala kang nakikita kundi basura. Ano ang magiging bunga nito sa pamayanan?

_____ a. Dudumi ang paligid.
_____ b. Mangangamoy ang buong paligid.
_____ c. Dadami ang langaw.
_____ d. Maaaring magkasakit ang mga bata.
_____ e. Maraming bata ang mangunguha ng basura.

## II. A. Sipiin ang mga pangungusap. Guhitan nang minsan ang Dahilan o Sanhi at bilugan ang Epekto o Bunga.

1. Nanalo ang kanilang koponan dahil nagsanay silang mabuti.

2. Nakalimutan niya ang sinaing kaya ito ay nasunog.

3. Masayang-masaya si Mario dahil siya ang naging balediktoryan ng klase.

4. Hindi kumain ng agahan si Nilo kaya siya ay nahilo.

5. Mataba ang lupa sa bukid ni Mang Tomas kaya marami siyang inani.

## B. Basahin ang bawat pangungusap. Piliin ang angkop na bunga sa dahilan o sanhi.

1. Biglang sumara ang pinto kaya __________.

   a. nagtaka ang mga panauhin
   b. napagsarhan ang mga natitirang pumapasok
   c. tumigil ang mga kasayahan

2. Si Nena ay niregaluhan ng isang malaking manika ng kanyang Ninang kaya ________.

   a. napaiyak siya nang tuluyan
   b. nagtago siya sa silid
   c. natuwa siya at nagpasalamat

3. Mahilig magbasa si Nestor kaya _________.

   a. lumalawak ang kanyang kaalaman
   b. natuto siyang magsalita ng Ingles
   c. lagi siyang nahuhuli sa klase

4. Pagod na pagod sa paglalaro ng basketball si Nestor kaya ________.

   a. mabilis siyang naligo
   b. madali siyang nakatulog
   c. lumiksi ang kanyang paglalaro

5. Nagtrabaho sa ibang bansa si Mang Nardo kaya ________.

   a. dumami ang kaibigan niya
   b. nakapagpatayo siya ng malaking bahay
   c. napalakas ang gastos niya

**III. Sumulat ng tatlo o mahigit pang pangungusap tungkol sa mga paksang nasa kahon. Tiyakin na sa mga pangungusap mayroong:**

- **nagpapahayag ng dahilan o sanhi**
- **nagpapahayag ng epeko o bunga**
- **epekto na naging bunga uli**

Halimbawa:

| |
|---|
| Tungkol sa pagdating ng malakas na bagyo. |

May darating na bagyo kaya nilagyan ng mga taga-barangay San Simon ng suhay ang kani-kanilang bahay. Nang dumating ang bagyo, walang nagibang bahay sa kanilang barangay. Ito ay dahil sa paglalagay ng mga tao ng suhay.

1. Tungkol sa pagkasira ng kalikasan

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Tungkol sa magandang ani ng mga magsasaka

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Tungkol sa pagtaas ng halaga ng presyo ng langis


______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Tungkol sa pagkalulong sa barkada ni Edna

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5. Tungkol sa pag-iingat laban sa mga magnanakaw o isnatser

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________



**Ipakita mo sa iyong guro ang ginawa mong mga pangungusap. Kapag nakapasa sa kanya, binabati kita. Natapos mo na ang modyul. Handa ka na sa susunod mong leksyon.**